# Ang Unang Komisyon sa Pilipinas bilang Prente ng Kolonyal na Dominasyon, 1899-1900*

EVELYN A. MIRANDA, PH.D.**

The primary contention of this paper is centered on discussing the capitalistic feature of American Imperialism and reasons why America colonized the Philippines.

Based on the history of the American Imperialism, the Philippines and other territories in the Asia Pacific are part of a magnanimous mission, i.e. to build an empire in the eastern and western hemisphere. Therefore, the assertion that it was due to accident why America colonized the Philippines, is a sham.

It is to be noted how the Americans used the First Commission with the co-optation of ilustrados of the country to pacify the natives. Some important parts of the report of the First Commission of the Philippines to the president of the United States, were discussed.

---

* Hango sa ika-2 kabanata ng disertasyon ng may akda na may pamagat na *Early American Imperialism and the Development of Philippine Oligarchy: The Case of the Philippine Legislative Elite 1899-1916, Ph.D. 1986.* Isinalin sa Filipino ni Marita C. Pimentel

**Propesor ng Kasaysayan at kasalukuyang Tagapangulo ng Departamento ng Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

ANG KABANATANG ITO AY NAKATUON SA PAGTALAKAY SA kapitalistang katangian ng Imperyalismong Amerikano at ang mga dahilan kung bakit sinakop ng Amerika ang Pilipinas. Hindi totoo na ang pananakop sa kapuluan ng Pilipinas ay isang aksidente lamang. Ayon sa naging daloy ng kasaysayan ng imperyalismong Amerikano, ang pananakop sa Pilipinas at iba pang teritoryo sa Pasipiko ay bahagi ng plano ng pagtatag ng isang emperyo sa Silangan at Kanlurang bahagi ng mundo. Tatalakayin dito kung paanong ginamit ang *Unang Komisyon sa Pilipinas* kasabwat ang mga *ilustrado* ng kapuluan sa pasipikasyon ng mga pag-aalsang isinagawa ng mga katutubo. Sa pagtatapos ay tatalakayin ang mahahalagang bahagi ng Ulat ng *Unang Komisyon sa Pilipinas* sa Pangulo ng Estados Unidos.

## ANG "DEPENDENCY-ORIENTED" NA KATANGIAN NG IMPERYALISMONG AMERIKANO


Ang pangunahing pwersa ng Imperyalismong Amerikano ay nakaugat sa dinamikong sistemang kapitalista ng Estados Unidos. Ito ang pangunahing katangian ng pananakop ng Amerika sa pagpasok ng bagong siglo.

Sa panahon ng rebolusyong industriyal sa Europa noong dekada ng 1760 nagsimula ang pagbabago sa sistema ng produksyon mula sa sistemang manwal tungong mekanikal. Kaakibat nito ang pagdami ng sistemang pagawaan na nagbunsod ng pag-unlad sa ekonomiya ng mga nasyon-estadong Amerika. Kasunod nito ay ang kanilang deklarasyon ng kalayaan mula sa Britanya noong Hulyo 4, 1776. Sa pagtatapos ng ika-labingwalong siglo, ang imperyalismong Amerikano ay nagkaroon na ng pandaigdigang direksyon. Bago pa ang pagpapahayag ng doktrinang Monroe noong 1823 (kung saan binigyang pabala ng pangulo ng Estados Unidos na si James Monroe ang mga makapangyarihang bansa sa Europa na nagbabalak na huwag sakupin ang Kanlurang hemispera). Ang Estados Unidos (EU) ay nagpadala na ng mga sasakyang pandagat para tingnan ang mga posibilidad sa kalakalan ang Estados Unidos sa Tsina noong 1784. Bahagi ng layunin nito ay ang samantalahin ang lahat ng posibilidad pangkomersyo sa palengke ng Tsina at kalakalan sa Pasipiko. Sa pagitan ng 1803 hanggang 1807, mayroong tatlumput anim (36) na barko ng Amerika na bumibiyahe sa rutang Estados

Unidos-Tsina dala-dala ang produktong balahibo (fur) mula sa Amerika kapalit ng tsaa mula sa Tsina. Noong 1855, sa pamumuno ni Commodore Matthew Perry, ang pwersang pangkaragatan ng Amerika ay nagbukas ng bagong daungan sa bansang Hapon sa pamamagitan ng pananakot na pasasabugin nito ang mga puwerto kung hindi papayag ang Pamahalaang Shogunate.


Ang pag-unlad ng kapangyarihan ng industriyang Amerikano noong dekada ng 1850 ay lalo pang nagpaigting ng pagnanasang kapitalista na sakupin ang silangan at kanlurang bahagi ng mundo. Makikita sa mga susunod na datos ang ilang mahahalagang salik na nagbigay ng daan sa pag-unlad ng emperyong Amerikano:

Table I




Source: Scott Nearing and Joseph Freeman, *Dollar Diplomacy: A Study of American Imperialism* (New York: Monthly Review Press, 1966), p.10 et seq.

Table 2
Growth of American Industry
1850-1920




Malinaw sa nakasaad sa itaas na ang pag-unlad ng kapitalistang Amerikano ay naranasan sa pagitan ng 1850 hanggang 1920. Ang pagkakaroon ng malaking kita at kapital ang nagbigay-daan sa pangangailangan ng mga kolonya upang bagsakan ng sarplas na produkto at kapital. Ganoon rin pagkukunan ng hilaw na materyales na magagamit sa industriya ng Amerika.

Ang Doktrinang Monroe (na nakatuon sa eksploytasyon ng Estados Unidos sa mga kolonya sa Timog Amerika) at ang *gunboat diplomacy* ng hukbong dagat na pinamunuan ni Commander Matthew Perry (na nakatuon sa pagbubukas ng mga puwerto sa Pasipiko) ay resulta ng sistemang kapitalista ng Amerika na noo'y nasa mataas na antas ng pag-unlad sa pamamagitan ng imperyalistang pananakop.

Dahil sa tagumpay na natamo sa pagbubukas ng mga daungan sa bansang Hapon, hayagang ikinampanya ni Commodore Perry ang aneksasyon ng iba't ibang mga isla sa Silangang hemispera tulad ng Bonin Islands, Liuchius at Formosa bilang posibleng kolonya.[1]

Ang pagsaklaw sa pandaigdigang ekonomiya ng Estados Unidos ang nagbunsod sa pakikidigma nito sa Espanya at pananakop ng mga teritoryo ng *Spanish Carribean* at Pasipiko na dating sakop ng Espanya. Sa loob ng balangkas na relasyong kolonisador-kolonyal, ang Pilipinas ay naging *dependent* sa Estados Unidos. Dahilan sa di-pantay na sistema ng *free-trade*, ang mga hilaw na materyales mula sa Pilipinas ay ipinadadala sa Estados Unidos upang magamit sa produksyon ng industriyang Amerikano. Samantalang ang mga produkto ng Estados Unidos na tulad ng alak, damit at arina ay ipinadadala sa Pilipinas. Ang mga institusyong pulitikal, kultural at pang-edukasyon ay pinalalakad ng direksyong nakabaling sa *dependency relations* na ito kung saan binibigyang pabor ang interes ng mga Pilipinong *elite*, at nang lumaon ay siyang naging tagapagtaguyod ng kampanya upang maging bahagi ang Pilipinas ng Estados Unidos.

## Ang Unang Komisyon sa Pilipinas bilang ahensya ng Imperyalismong Amerikano

Sa panahon ng digmaan sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya para sa imperyalistang kapangyarihan, ang Presidente ng Estados Unidos na si William McKinley na isang Republikano ay tumuon sa pagtatatag ng emperyo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga kapitalistang interes. Inuutos niya sa mga kasapi ng komisyong pangkapayapaan na nakatakdang makipagpulong sa kinatawan ng Espanya sa Paris na tapusin na

ang digmaan na namamagitan sa dalawang makapangyarihang emperyo. Mariing sinabi ni McKinley ang layuning pang-ekonomiya at pagkakaisa ng EU ng kanyang banggitin na:

> *Incidental to our tenure in the Philippines as the commercial opportunity to which American statesmanship can not be indifferent. It is just to use every legislative means for the enlargement of American trade... The commercial opportunity which is naturally and inevitably associated with this new opening depend less on large territorial possessions than upon an adequate commercial and upon broad and equal privileges.*[2]

Ang paggiit na ito ni McKinley sa pang-industriya at ekspansyonistang tunguhin ng Hilagang Amerika ay mas luminaw pa nang ipadala niya ang pwersang militar sa Maynila, na nasa pamumuno ni George Dewey. Humingi ng dagdag na limang libong sundalo si Dewey ngunit ang ipinadala ni McKinley ay tatlong beses ng bilang na hinihiling.[3]

Nabuo ang Tratado sa Paris sa pagitan ng Espanya at EU noong Disyembre 10, 1898 Sa Artikulo III ng nasabing Kasunduan, isinuko ng Espanya ang kanyang teritoryo sa Timog Silangang Asya sa Estados Unidos na nagsasaad na :

> *ARTICLE III. Spain cedes to the United States the archipelago known as the Philippine Islands, and comprehending the islands within the following line....*
>
> *The United States will pay to Spain the sum of twenty million dollars ($20,000,000) within three months after the exchange of the ratification of the present treay.*[4]

Ang $20,000,000 na ibinayad ng EU ay nakalaan sa mga pagpapaunlad na ginawa sa Pilipinas at hindi ang aktwal na halaga ng mga Isla.

Apatnapu't limang araw bago pumutok ang Digmaang Filipino-Amerikano (Pebrero 4, 1899), ipinalabas ni Presidente McKinley ang kanyang pamosong "Benevolent Assimilation Proclamation" noong Disyembre 21, 1898, na ang pangunahing tunguhin ay ang pagtatatag ng soberenyang EU sa kabuuan ng Pilipinas. Kaakibat din nito ay ang pagpapadala ng mga tropang militar sa Pilipinas. Bahagi ng proklamasyon ay nagsasaad na:

> *With the signature of the treaty of peace between the U.S. and Spain by their respective plenipotentiaries at Paris on the 10 instant, and as result of the victories of American arms, the future control, disposition, and government of the Philippine Islands are ceded to the United States. In the fulfillment of the rights of sovereignty thus acquired and the responsible obligations of government thus assured, the actual occupation and administration of the entire group of the Philippine Islands becomes immediately necessary and the military government heretofore maintained by the United States in the city, harbor, and bay of Manila is to be extended with all possible dispatch to the whole of the ceded territory.*[5]

Sa patuloy na pagpapadala ng pwersang militar (hukbong dagat at katihan) sa Maynila, at ang proklamasyon ng asimilasyon ni McKinley (na nagpapakita ng malinaw na layunin ng EU sa Pilipinas), ang imposisyon ng pananakop-militar sa buong kapuluan ay isang nalalapit na reyalidad.

Kaya't, matapos ang Disyembre 21, 1898, handang handa na si McKinley, gayundin ang mga imperyalista at kapitalistang (sabik) na ipasok ang kanilang mga *investment* sa Pilipinas. Gayunpaman, hindi lahat ay umayon sa inaasahan ng mga ekspansyonistang ito. Ang mga Amerikanong anti-imperyalista ay mariing tumutol sa hakbanging ito sa batayang estratehikal, racial at pang-ekonomiko. Subalit, sa gitna ng lahat ng ito ang mga anti-imperyalistang pagkilos ay hindi tuwirang bumatikos sa pagpapadala ng kanilang mga *investment* sa mga dating teritoryo ng Espanya. Ang tanging tinututulan nila ay ang pamamaraan--ang marahas laban sa di-marahas—na pananakop ng EU ng kapuluan.[6] Sa pamamagitan nito ay sinabi ng mga anti-imperyalista na haharangin nila sa kongreso ang Tratado sa Paris sa pamamagitan ng pag-loby sa Kongreso ng Amerika.[7]

Ang pagbubuo ng *Unang Komisyon sa Pilipinas* ay isang mapaglinlang na aksyon mula kay McKinley. Sa pamamagitan nito ay nagawa niyang patahimikin ang umiigting na pagtuligsa ng mga anti-imperyalista at linlangin ang mga rebeldeng Pilipino sa pamamagitan ng pagpapakita na ang mga Amerikano ay nasa Pilipinas upang bigyan ito ng proteksyon at siguruhin ang kanilang mga karapatan at kalayaan.

Batid ni Admiral Dewey na ang mga rebeldeng Pilipino ay tutol sa pananakop na ito ng Amerika sa Pilipinas. Sa simula pa lamang ay na-isip na niya na ipanukalang magpadala ang kanyang bansa ng isang sibilyang komisyon na makikipag-negosasyon sa mga rebeldeng Pilipino. Ayon sa kanyang sinulat, labingtatlong taon matapos ito:

> *The Filipinos, particularly as we could have official relations with the Aguinaldo dictatorship, could not believe in our good intention. Mr. McKinley's proclamation of "benevolent assimilation" fell on deaf ears which had long since learned to distrust the beneficient and grandiloquent proclamation of which the Spaniards are masters. It was a time for statesmanship if we were to avoid a conflict. As Washington seemed to be in the dark about the real situation on shore, I cabled on January 7, 1899, stating that affairs were very disturbed and that a small civilian commission composed of men skilled in diplomacy and statesmanship should be sent to adjust differences.*
>
> *President McKinley acted promptly on my advice.*[8]

Mahalagang tandaan na sa mga panahong iyon ay may dalawang larangan ang anti-imperyalistang kilusan. Ang isa ay nakabase sa Pilipinas samantalang ang isa naman ay nasa Estados Unidos. Napakalaki ng pagkakaiba ng pananaw ng bawat panig. Bilang tugon ni McKinley sa panukala ni Admiral Dewey, nagpadala ito ng isang Komisyon upang tuwirang lituhin ang mga anti-imperyalista mula sa tunay na layunin ng pananakop at eksploytasyon ng Amerika sa Pilipinas. Kaakibat nito ang pagnanasa ni McKinley na mapatahimik pansamantala ang mga ito samantalang inaayos ang ratipikasyon ng Tratado sa Paris sa Kongreso. Ang paghihirang kay Jacob Gould Schurman (na noon ay Presidente ng Unibersidad ng Cornell at isang anti-imperyalista) ay isang mahusay na pagtatago ng tunay na intensyon ng pananakop. Noong Enero 18, 1899, dalawang linggo bago ang unang putok ng digmaang Pilipino-Amerikano, pinatawag ni McKinley si Shurman sa White House.

Nang unang alukin si Schurman ng pamahaalaan ni McKinley para sa posisyon ng Tagapangulo ng Komisyon na tutulong sa pakikipag-negosasyon ng pamahalaang EU, hindi agad na sumang-ayon ito. Ayon sa kanilang pag-uusap ni McKinley, nawika ni Schurman ang ganito:

> *"Mr. President, I am opposed to your Philippine policy. I never wanted the Philippine Islands."*
>
> *"Oh", replied McKinley, "that need not trouble you, I didn't want the Philippines either; and in the protocol to the Treaty I left myself free not to take them; but in the end there was no alternative."*[9]

Subalit noong Enero 1899, tila nagbagong bigla ang kapasyahan nang Schurman ng sabihin niya sa Press na:

> *The return of the Islands to the authority of Spain was impossible for he had destroyed that authority; to turn them over to the natives was a delivery to anarchy and misrule. The only choice left was to accept the trust for ourselves however difficult and contrary to the spirit and form of our government it might be.*[10]

Sa ganang ito ay tinanggap ni Schurman ang posisyon bilang Tagapangulo ng *Unang Komisyon sa Pilipinas*. Kung ang pagpili kay Schurman ay may bentahe sa mga imperyalista, lalo na ang kanyang pagtatalaga ng mga kasapi ng Komisyon na pawang mga kilalang *racist* at imperyalista na sina Admiral Dewey, General Elwell Otis, Consul Charles Denby at Prof. Dean C. Worcester.

Sina Admiral Dewey at Gen Otis ay pawang mga kinatawan ng militar na bahagi ng pamahalaan at tuwirang nagsasaad ng kanilang layuning aneksasyon. Samantalang si Charles Denby na nagsilbing tagapangulo ng *US Consular Mission* sa Tsina ay suportado ng mga kapitalista ng industriya ng bulak at riles ng tren na hangad ring sakupin ang merkado ng Tsina. Bahagi rin siya ng negosyo ng karne ng baka na pagkain ng mga sundalo ng EU. Ayon kay Dewey, ang patakarang *gunboat diplomacy* ng Kanluran ay kinakailangan upang protektahan ang mga dayuhang mangangalakal sa bansa na iyon.

Si Komisyoner Dean C. Worcester ay isang propesor ng *zoology* sa Unibersidad ng Michigan. Pamilyar siya sa Pilipinas dala ng dalawang pagkakataon ng pag-aaral ng *zoology* dito noong 1887 at 1893. Kasama si Frank Bourns na isang doktor ay nagkaroon sila ng kaalaman tungkol sa kultura at mga tao ng Pilipinas. Nakaibigan nila ang ilan sa mga kilala at mayamang Pilipino.[11] Si Dr. Bourns ay naging kasapi ng pwersang militar ng EU na pinadala sa Pilipinas. Ayon kay Hen. Arthur McArthur siya ay

isang "dalubhasa sa Kulturang Espanyol, isa sa mga mahusay na tagapagsalin at hiningan ng tulong sa maraming pagkakataon ni Heneral Otis."[12]

Ayon kay William Pomeroy[13] na isang manunulat, mahirap maiwasan ang konklusyon – batay na rin sa kanilang mga naging papel sa mga sumunod na bahagi ng kasaysayan — na sina Worcester at Bourns ay pinapunta sa Pilipinas bilang mga espiya ng EU. Si Worcester ang sumulat ng mga artikulo tungkol sa Pilipinas noong 1898 sa panahong naghahanap ng mga impormasyon ang Amerika tungkol sa kolonya na kanilang sasakupin. Isang artikulo na lumabas sa *Century Magazine* (Okt. 1898) na may titulong *"Knotty Problems in the Philippines"* ang kauna-unahang artikulong nagpahayag ng maaring magawa sa Pilipinas kung ito ay sakaling sakupin ng EU. Ayon kay Worcester, maaaring panatilihin ang estrukturang ginawa ng Espanya subalit kinakailangan ng ilang maliit na pagbabago tulad ng pag-empleyo sa mga katutubo bilang klerk, reporma sa sistema ng pagbubuwis at ang paggamit ng mga nakolektang buwis sa pagpapaunlad ng Kolonya at solusyon sa kontrobersya ng pag-agaw ng lupain ng mga prayle.

Tuwang tuwa ang mga imperyalista sa kahusayan ng desisyon ni McKinley na italaga si Schurman, kilalang isang anti-imperyalista, bilang Tagapangulo na maaaring talunin ng apat na pabor sa imperyalismo kasapi ng komisyon sa botohan. At ito ay pinatunayan ng mga sumunod na kaganapan. Sa pagsasagawa ng kanilang Komisyon ay madalas makaranas ng *deadlock* sa pagitan ng kasapi at tagapangulo. Sa pamamagitan ng kolektibong desisyon na iniharap rito kay McKinley para sa karagdagang payo, pumanig ang Presidente sa anumang posisyon ng mga imperyalistang kasapi ng komisyon. Pagpapatunay lamang ito na ang Komisyon ay nagsilbing tagasulong ng interes ng mga imperyalista. Maliban dito, nagamit rin ang komisyon bilang prenteng sibilyan ng militaristikong aneksasyon at pinatamis ang marahas na pamamaraan ng imperyalismong Amerikano.

Sa kanyang sulat sa Komisyon noong Enero 21, 1899, binanggit ni McKinley na mahalagang umiral ang "kapangyarihang

Amerikano sa buong kapuluan at masiguro sa lalong madaling panahon ang pagbibigay proteksyon sa buhay at pag-aari ng mga naninirahan". Dagdag pa rito sinabi rin niya na "pagaanin ang pagbabayad ng buwis, isulong ang kaunlaran industriyal at komersyal at tiyakin ang matiwasay na pamumuhay ng tao at seguridad ng kanilang mga ari-arian." Ayon kay McKinley:

> *The commissioners will endeavor, without interference with the military authorities of the United States now in control of the Philippines, to ascertain what amelioration in the condition of the inhabitants and what improvements in public order may be practical, and for this purpose they will study attentively the existing social and political state of the various populations, particularly as regards the forms of local government, the administration of justice, the collection of customs and other taxes, the means of transportation, and the need for public improvements. They will report through the Department of State, according to the forms customary or hereafter, prescribed for transmitting and preserving such communications, the results of their observations and reflections, and will recommend such executive action as may from time to time seen to them wise and useful.*[14]

Idinagdag sa bandang huli ni McKinley na binibigyan niya ng pahintulot ang mga kasapi ng Komisyon na maaari silang makipag-panayam sa sinumang mga mamamayan ng kapuluan na sa tingin nila ay makakatulong sa kanilang pangangalap ng mga datos o sinumang sa kanilang tingin ay maaaring maging ahente para sa anumang layunin.[15] Kung susuriing mabuti, sa likod ng mabubulaklak na salitang ito ni McKinley ay mababanaag ang tunay na layunin na utos ni McKinley sa Komisyon: sakupin ang mga katutubo at ipairal ang kapangyarihang Amerikano sa Pilipinas

**Ang Unang Komisyon at ang mga Ilustrado: Ang Sabwatan Nila Tungo sa Pagtatatag ng Kapayapaan**

Tumulak mula Amerika patungong Maynila ang Unang Komisyon noong Enero 31, 1899. Samantalang nasa Hapon ang mga ito, nagsimula ang digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899. Matapos ang dalawang araw, ang Tratado sa Paris ay ipinagtibay ng Kongreso ng Estados Unidos. Dumating ang Komisyon sa Maynila noong unang lingo ng Marso 1899

habang puspusan ang operasyong militar sa Luzon. Ang gusali ng Ayuntamiento malapit sa baybayin ng Maynila ang naging Opisina ng Komisyon. Naghati-hati ng gawain ang mga kasapi ng komisyon. Naitalaga kay G. Schurman ang paksang "ang pamahalaan ang Kapuluan ng Pilipinas", kay Admiral Dewey "ang kalagayan at pangangailangan ng EU sa Pilipinas ayon sa pananaw pangkaragatan", kay Charles Denby ang "sistemang pangkatarungan, ang mga paring sekular at iba pang orden relihiyoso, ang batas sa Rehistrasyon, ang pananalapi, ang mga Intsik sa Pilipinas at ang kalagayang pangkalusugan". Napagkasunduan na ang lahat ng ulat ng bawat isa ay kinakailangang mabasa at masuri ng bawat isa at maaprubahan ng lahat. Ang paksa tungkol sa "mga tao sa kapuluan ng Pilipinas at ang mga katutubo at kayamanan ng bansa" ay naibigay kay G. Worcester.[16]

Bilang pagtalima sa utos ni Presidente McKinley, nagpalabas para sa Pilipino ng isang proklamasyon noong Abril 4, 1899 ang Komisyon. Isinasaad ng proklamasyon ang ganito:

> *The United States striving earnestly for the welfare and advancement of the inhabitant of the Philippines Island, there can be no real conflict between American sovereignty and the rights and liberties of the Philippine Islands, so it is even more solicitous to spread happiness among the Philippine people; to guarantee them a rightful freedom; to protect them in their just privileged and immunities to accustom them to free self-government in an ever-increasing measure; and to encourage them in those democratic aspirations, sentiments and ideals which are the promise and potency of a fruitful national development.*[17]

Inilarawan ng kontemporaryong iskolar na si Vivencio Jose sa kanyang sinulat tungkol sa panahon ng digmaan sa kasaysayan ng Pilipinas na ang nilalaman ng proklamasyong ito ay "walang katuturan at mga pangungusap na mapagkunwari". Ayon sa kanya ito ay idineklara sa gitna ng—karahasan, masaker, pagsasamantala sa kababaihan, pagnanakaw at iba pang mga krimen na ginawa ng mga sundalong Amerikano.[13] Ang ganitong pagkilos ay may lohika sapagkat samantalang ginagawa ng Komisyon ang proklamasyon noong Abril 4, ang pananakop ng EU ay nasa kasagsagan at kaakibat nito ang iba't ibang

karahasan na tinanggap ng mga katutubo sa kamay ng mga sundalong Amerikano.[19]

Nagkaroon ng iba't ibang reaksyon ang lipunang Pilipino sa naging proklamasyon ng Komisyon. Ang masang Pilipino ay patuloy na nagrerebelde, hindi tinaggap ang kapangyarihan ng Amerikano at tinutulan ang pagpapatuloy ng okupasyon ng militar ng EU. Makikita ito sa malawak at popular na pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pwersang militar ng EU sa digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899.

Ang mga *posters* na idinikit ng mga sundalong Amerikano na naglalaman ng proklasmasyon ay pinunit ng mga rebelde. Ang pagsira na ito ay nalaman ng Komisyon sa pamamagitan ni Hen. Otis. Ayon sa kanya: *"It was unanimously decided to print, publish, post and disseminate as much as possible among inhabitants under insurgent domination this (Commission) address, printing the same in the English, Spanish and Tagalog languages. This was done but scarcely had it been posted in Manila twenty four hours before it was so torn and mutilated as to be unrecognizable"*.[20] Ang radikal na linyang masa ay malinaw at mariing inilahad sa deklarasyon ni Apolinario Mabini, kinikilalang "utak" ng rebelyon. Nagpalabas si Mabini ng manipesto noong Abril 9, 1899. Isinasaad nito ang reaksyon ng mga Pilipino sa proklamasyon ng Komisyon noong Abril 4, 1899. Bilang panawagan sa mga Pilipino, ang manipesto ay nagsasaad ng ganito:

> *But it does not matter; we shall fight until the last breath to revindicate our sovereignty.... Open your eyes, my beloved countrymen, while there is yet time. Fight without truce or rest, without vacillation or dismay, without measuring the time or duration, nor the inimical forces nor the importance of sacrifice. Do not expect from others your happiness or well being, because egotism and self-interest dominate individuals, cities and nations, above all when separated by race and hatred.... Annexation, whatever be the form adopted will, unite us perpetually to a nation who hate mortally the colored race and from which we cannot be able to separate ourselves except by means of war.*
>
> *Because war is the last recourse remaining to us for the salvation of the fatherland and our national honor, let us fight while there is in us an atom of strength; let us acquit*

> *ourselves as gallant men, now that to the present generation is reserved the battle and the sacrifice. It matters not if we die in the midst or at the end of the painful journey; the generations to come, while praying over our tombs will reward us with tears of love and gratitude, not of bitter reproach.*[21]

Mababanaag sa reaksyon ng mga Ilustrado ang pagkiling sa kapayapaan. Mula sa mga ilustradong kasama gaya nina Felipe Buencamino at Pedro Paterno ay tiningnan ang proklamasyon bilang "pagkakataon upang magkaroon ng maayos at mabuting ugnayan sa mga Amerikano."[22]

Mababanaag na sa panahon ng unang pagsalakay ng sundalong Amerikano sa ranggo ng nakikidigmang mga Pilipino, mayroong dalawang paksyon ang nabubuo sa hanay ng mga ilustrado. Ang isang paksyon na sinasabing mas maliit kaysa sa isa ay may rebolusyonaryong pananaw. Sa kabilang panig naman ay binubuo ng halos lahat ng ilustrado na sumasang-ayon sa pagpapataw ng soberenyang Amerika. Ang maka-rebolusyonaryong panig ay binubuo ng "dakilang lumpo" na si Apolinaryo Mabini[23] at si Hen. Antonio Luna.[24] Kabilang naman sa mga umaayon na makipagkaisa sila sa Amerika ay ang mga prominenteng kasapi ng Pamahalaang Malolos gaya nina Felipe Buencamino, Tomas G. del Rosario, Alberto Baretto, Benito Legarda, Cayetano Arellano, Pedro Paterno, Felipe Calderon at Trinidad Pardo de Tavera.[25]

Ang posisyon ng mga ilustrado sa harap ng kilusang anti-Imperyalismong Estados Unidos ay kasing layo ng kanilang kinalalagyan sa kasaysayan ng nasyonalismong Pilipino. Isinabuhay ng mga ilustradong rebolusyonaryo ang kanilang matatag na paninindigan at matatayog na kahalagahan, samantalang naghari sa mga ilustrado ang pagsasamantala at materyalismo. Mula pa sa panahon ng Kongreso ng Malolos (Setyembre 15,1898), ang dalawang grupo na ito ng mga ilustrado ay nagkaroon ng tunggalian na makikita sa kanilang mga bitbit na paninindigan tungkol sa pampulitikang pamamahala. Mariing tinuligsa ni Mabini ang ambisyong materyalistiko ng ilang mga ilustrado ng Kongreso ng Malolos.[26]

Si John R. M. Taylor ay isang Amerikanong manunulat na sumaksi sa Digmaang Pilipino-Amerikano at inilarawan niya

ang uring pinagmumulan at mga mithiing politikal ng mga ilustrado.

Sa kanyang aklat na *The Philippine Insurrection against the United States*, sinulat ni John. R.M. Taylor na:

> *In Manila, many of the natives of means and prominence whose support would have been most valuable to Aguinaldo in the establishment of a state government gave their support to the Americans from the time they occupied the city. It was not always an open and frank support, especially at first, when the destiny of the archipelago was still in doubt; it was an interested support and a matter with the head rather than of the heart, for the insurgents were of their own people; but they remained in Manila under the protection of the Americans, and as the latter strengthened their hold upon the city and over the people, and as it finally became known that the Philippines most probably be ceded to the United States, their influence was more openly thrown to the side of the United States. These men were men of means. Many of them were merchants or interested in commercial enterprises and a stable government was necessary for their continued prosperity. Some would probably have preferred the Spanish rule to that of the United States, but probably all of them preferred the rule of either power to that of the party headed by Aguinaldo.*[27]

Noong Abril 1899, nang masakop ng pwersang militar ng EU ang Malolos, marami sa mga ilustrado ang sumang-ayon sa *Benevolent Assimilation Proclamation*. Nang lumaon, dumami pa sa kanila ang tumulong sa kolonyal na awtoridad. Samantalang nagkaisa sina Apolinario Mabini at Antonio Luna sa paglulunsad ng isang labanang gerilya laban sa mga Amerikano, ang mga kolaborador na tulad ni Felipe Buencamino ay nagpanukala pa na magkaroon ng pinagsanib na pwersang katutubo at Amerikano upang labanan ang mga rebelde.

Ganito rin ang naging pagtingin ni Atty. Felipe Calderon na kasapi ng gumawa ng Konstitusyong Malolos, at nagsabing mayroon siyang malaking lupain sa Batangas at Cavite[28] at may mga manggagawang bukid na umaabot ng 500, sinabi ni Calderon:

> *"The indians always occupied himself with the present moment. Let business go on until you are ready to take Batangas, then bring on your squadron and bombard the*

> *place if it is necessary, destroy the houses, and show to the natives you are indulgent up to the point where you can be indulgent, but if they continue to commit acts of hostility against you they must pay the penalty. Another reason is that the subject of business affects most severely the wealthier classes, because the poor can go and live in the fields with a handful of rice, and we know that the wealthy class is the class of all classes that wishes peace.*[29]

Maging ang pangulo ng Republikang Malolos na si Presidente Emilio Aguinaldo ay handa na makipagnegosasyon sa mga Amerikano. Makikitang ang ganitong panghihina ng paninindigan sa suportang ibinigay niya kay Pedro Paterno kaysa radikal na tunguhin ni Mabini. Kaya't ng tumiwalag si Mabini mula sa gobyerno ni Aguinaldo, agad siyang pinalitan ni Pedro Paterno bilang Prime Minister. Ang pagkamatay naman ni Antonio Luna (mula sa isang planadong pagpatay na kinasangkutan ni Felipe Buencamino)[29.1] -- ay nag-alis sa huling sagabal tungo sa ganap na pagtutulong sa Estados Unidos. Matapos ang mga mahahagang pangyayaring ito ay naging puspusan ang kampanya ng mga ilustrado tungo sa pagsuko. Kitang kita ito sa naging tunguhin ng Gabinete ni Paterno na naging marahan at mapayapa ang pagtanggap sa mga hiling ng Unang Komisyon ng Pilipinas. Sa ilang pagkakataon ay ipinadala ni Paterno si Major Manuel Arguelles sa Komisyon hindi upang makipagnegosasyon kundi upang alamin kung ano ang maaring magawa ng mga kolaborador para sa mga Imperyalistang Amerikano.

Sa kabilang banda naman, patuloy at abala ang Komisyon sa pagtatantya sa kampanyang pangkapayapaan ng hukbong Amerika sa Pilipinas. Pinalawak rin ng Komisyon ang sakop ng kanilang dapat makapanayam. Isinama nila ang mayayamang bahagi ng lipunan sa Pilipinas, kabilang dito ang mga prayle, dayuhan at lokal na mangangalakal, propesyonal at mga *elite*. Sa mga sumunod na pagkakataon ay lalong naging malinaw ang imperyalistang intensyon ng Amerika. Sa loob nito ay nagkaroon ng pagkakaiba sa pananaw tungkol sa maaaring gawin sa Pilipinas. Pinanigan ni Pangulong McKinley ang rekomendasyong Amerikanisasyon ng apat na kasapi ng Komisyon samantalang ipinagwalang bahala ang paninindigan ni Schurman na anti-imperyalismo. Subalit wala ring nagawa ang huli.

Sa isang pagkakataon ay nagkaroon ng pagtatalo sa pagitan nina Schurman at iba pang mga kasapi ng Komisyon tungkol sa pagtitigil ng labanan at kung anong uri ng pamahalaan ang dapat na itatag sa Pilipinas. Ayon kay Schurman, maaari na lamang magtayo ng mga negosyo sa Pilipinas ang Estados Unidos na hindi kinakailangan ang isang marahas na pamamaraan at pang-aalipin sa mga Pilipino. Ayon sa kanya, ang mga pang-ekonomiko at militar na layunin ng Amerika sa Pilipinas ay maaaring matamo sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na awtonomiya sa mga Pilipino na pumapayag sa pagpapanatili ng mga Amerikano sa kapuluan. Sa kabilang banda, ang mga kasapi ng Komisyon ay nananatiling pabor sa paglulunsad ng isang digmaan laban sa mga rebelde.

Ang pagtatalong ito ay nagsimula sa pagdating ng Unang Misyon ng mga Pilipino na pinamumunuan ni Major Manuel Arguelles na ipinadala ni Paterno upang pag-usapan ang pag-iiral ng kapayapaan. Sapagkat ang layunin ng Misyon ay ang makipag-usap tungkol sa kapayapaan, pinanukala ni Major Arguelles na magkaroon ng kasunduan para sa pansamantalang tigil-putukan upang makapag-usap si Aguinaldo na alamin at konsultahin ang mga Pilipino tungkol sa kanilang pananaw at damdamin sa usapin ng awtonomiya. Inayunan ito ni Shurman subalit mariing tinutulan ito ng grupo ni Otis.

Sa usapin ng uring pamahalaan, handa si Schurman na sumang-ayon sa maraming punto, halimbawa, awtonomiya bilang paghahanda sa tuwirang independensya para sa Pilipinas. Bilang tugon sa panukala ni Maj. Arguelles, nagpadala sina Worcester at Denby ng isang di-malinaw na plano para sa pamahalaang Amerika. Ito ay sinagot ng Washington sa pamamagitan ng panukalang Hay na nagsasaad na:

> *You are authorized to propose that under the military power of the President, pending action of Congress, government of the Philippines shall consist of a Governor-General appointed by the President; cabinet appointed by the Governor General; a general advisory council elected by the people; the qualifications of electorate to be carefully considered and determined; principal judges to be appointed by the President. The cabinet and judges to be chosen from the natives and American or both, having*

> *regard to fitness. The President earnestly desires the cessation of bloodshed, and that the people of the Philippines at an early date shall have the largest measure of self-government consistent with peace and good-order.*[30]

Sinang-ayunan nina Worcester, Denby at Otis ang panukalang Hay na ito sapagkat malaki ang pagnanais nilang manatili ang kapangyarihan ng Estados Unidos sa Pilipinas. Tinanggap rin ng kampo ni Major Arguelles ang naturang panukala.

Ang Ikalawang Misyon ng mga Pilipino na ipinadalang muli ni Pedro Paterno ay binubuo nina Gracio Gonzaga, Gregorio del Pilar, Alberto Baretto at Captain Zialcita.[31] Ang misyong ito ay binuo upang alamin sa Unang Komisyon kung maaring maisama at maging bahagi ng pambansang pwersang militar ng pamahalaang kolonyal ang mga sundalong Pilipino. Ang isang Komisyoner ay nagsabing ang ilan sa mga sundalo ay maaaring isama sa pambansang hukbong militar. Ayon naman sa isa pang kasapi ng Komisyon, ang ilan naman sa kanila ay maaring mabigyan ng trabaho bilang mga trabahador sa gawaing pampubliko. Ipinilit naman ni Schurman na dapat munang makausap niya si Presidente Aguinaldo Gayunpaman, hindi na muling nasundan ang pag-uusap na ito sapagkat sa mga panahong iyon ay kasalukuyang umaatras patungong Palanan, Isabela si Aguinaldo.

## Ilang Mahahalagang Bahagi ng Ulat ng Imbestigasyon at Rekomendasyon ng Unang Komisyon sa Pilipinas

Nagsagawa ng mga konsultasyon ang Unang Komisyon mula Abril hanggang Setyembre 1899. Sapagkat maiksi ang panahon na iniukol sa imbestigasyon at natigil ang Komisyon sa Manila, ang karaniwan na nakapanayam ay ang mga elite, mga prayle, mga banyagang mangangalakal at mga opisyal na Kastila. Masasabing walang lalim at demokratikong batayan ang naging Ulat ng Unang Komisyon sa Pangulo ng Estados Unidos. Mahalaga ring banggitin na nang tapos na at isinumite na ng Komisyon ang Ulat sa Pangulo ng Amerika noong 1899, ang pag-aalsa ng masang Pilipino laban sa okupasyon ng Estados Unidos ay lalo pang umigting sa kanayunan at sa buong kapuluan.[32] Gayunpaman ang mga *ilustrado* sa kabilang banda ay sumuko na sa mga Amerikano.

### Ang Independensya

Ang isa sa mahalagang bahagi ng ulat ng komisyon sa Pangulo ng EU noong 1900 ay ang sinasabing kawalan ng interes ng mga Filipino sa independensya. Nakasaad sa ulat na ito na *"while the peoples of the Philippine Islands earnestly desire a full measure of rights and liberties, they do not, in the opinion of the Commission, generally desire independence."*[33] Dagdag pa nila ang rebelyon ay *"in no sense an attempt to win independence, but was merely an effort to obtain relief from abuses which were rapidly growing intolerable."*[34]

Ang ganitong pagtingin ay malinaw na hindi salamin ng tunay na saloobin ng mga Pilipino. Matatandaan na bilang pagtanggi sa pananakop ng mga Amerikano ay naglunsad ang masang Pilipino ng isang gerilyang pakikidigma na namayani hanggang pangalawang dekada ng pananakop. Kabilang dito ang ibat ibang kilusang tulad ng pinamunuan ni Macario Sakay[35] (dating pinunong Katipunero), ang *Sta. Iglesia* ni Felipe Salvador[36] (isa ring Katipunero) ang *Pulahanes* ng Negros at Visaya[37] at iba pa. Ang lahat ng kilusang ito ay nagpapatuloy ng layon ng masang Pilipino para sa KALAYAAN.[38] Nagawa ng grupo ni Sakay na magtatag ng Republika ng Katagalugan, magbuo ng Konstitusyon at magpalabas ng isang manipestong nagpapahayag sa dayuhang pamahalaan ng kalayaan ng Pilipinas. Mula kay Sakay hanggang sa pagkilos ng grupo ni Felipe Salvador ay makikita ang marubdob na suporta ng masang Pilipino. Matatandaan na ang dahilan ng pagkahuli sa mga lider na ito ng mga Amerikano ay resulta ng isang mapanlinlang na pamamamaraan at sa tulong na rin ng mga *ilustrado*. Si Sakay ay nahuli lamang ni Dr. Dominador Gomez na kasabwat ng mga Amerikano na nangakong bibigyan ng amnestiya at kapatawaran ang grupo ni Sakay. Ang planong ito na patahimikin si Sakay ay bahagi ng kabuuang plano na patayin siya. Si Sakay na nanirahan na sa Maynila, ay muling inaresto, ikinulong at nang lumaon ay binitay.

### Ang Pamahalaan

Ang mahalagang konklusyon ng Ulat ng Unang Komisyon ay tungkol sa pamahalaang para sa mga Pilipino, at nakasaad ng ganito:

> a. *The United States cannot withdraw from the Philippines. We are there and duty binds us to remain. There is no*

> *escape from our responsibility to the Filipinos and to mankind for the government of the archipelago and the amelioration of the condition of its inhabitants.*
>
> *b. The Filipinos are wholly unprepared for independence, and if independence were given to them they could not maintain it*
>
> *c. There being no Philippine nation, but only a collection of different people, there is no general public opinion in the archipelago; but the men of property and education, who alone interest themselves in public affairs, in general recognize as indispensable American authority, guidance and protection.*[39]

Ilan din sa mahalagang bahagi ng Ulat ay ang usapin ng pagtatatag ng mga pamahalaang lokal sa mga probinsiya at munisipalidad sa Luzon at Kabisayaan. Nakasaad ang kanilang rekomendasyon ng ganito:

> *As to the provinces, the Commission is of the opinion....that they should be turned into counties....This system might be applied to Luzon and the Visayas Islands at once....while the Sulu Archipelago, calling for special arrangements with the sultan, need not be considered in this connection.....The suffrage should be restricted by educational or property qualifications, or perhaps even both.*[40]

Tungkol sa pamamalakad sa bahagi ng Mindanao, inirekomenda ng Komisyon na ipa raan sa Sultanato at sistemang Datu ang anumang gagawing pamamalakad ng pamahalaang kolonyal sa mga Pilipino ng Timog na bahagi. Dapat na isaalang-alang na ang rekomendasyong ito ng Komisyon na sinunod ng pamahalaang Insular ay hindi nagdulot ng inaasahang kapayapaan ng kolonyal na pamahalaang Amerikano. Ang pag-aalsa ng mga Muslim ay nanatili sa halos buong panahon ng pananakop. Sa ilang pagkakataon, sinuhulan rin ng pamahalaang kolonyal ang mga sultan laban sa mga pag-aalsang ito. Ang Sultan ng Sulu ay nakatanggap ng pensyon mula sa pamahalaan matapos na mapawalang bisa ang Tratadong US-Moslem Bates noong Marso 21, 1904.[41]

### ANG SERBISYONG SIBIL (CIVIL SERVICE)

Upang mapangasiwaan ang pamahalaang pambansa, probinsyal at munisipal, inirekomenda ng Komisyon ang pagatatatag ng Serbisyong Sibil. Ayon sa Komisyon:

> *A small number of American officials will be necessary for the Philippine service. The highest, according to the form of government recommended by the commission, may be divided into two classes. In the first group belong the governor, secretary, attorney-general, certain judges and other high officers of the Territorial government. To the second group belong the directing heads of the postal, customs and other departments of the federal service in the Philippines. It is not meant that in practice these groups should be isolated and kept apart, as they are in the States of the Union. Indeed, there are obvious advantages...in unifying as completely as possible all the branches and departments of government over which the Americans are to preside in the Philippines.*
>
> *The members of the first group will be appointed by the (American) President; those of the second, probably transferred from the home service. In neither case will there be examinations....*[42]

Mariing inirekomenda ng Komisyon ang pangangailangang mabigyan ng mataas na pasahod ang mga opisyal na Amerikano sa burukrasya upang mabigyan sila ng materyal na insentibo sa kanilang mga gawain. Kinakailangan ring sila ay mabigyan ng mahaba at permanenteng termino. Sabi pa: *"Permanency of tenure is, therefore, a first requisite in the highest offices which Americans will be called upon to fill in the Philippines. And to secure the best men -- men who are qualified for the arduous task of shaping and guiding public adminsitration in the Philippines -- it is essential that high salaries should be paid.*[43]

Inirekomenda rin ng Komisyon na ang mga posisyong pampamahalaang kolonyal mula sa Gobernador Heneral hanggang sa mga probinsyal at munisipal ay dapat humikayat sa mga katutubong maging empleyado ng opisina. At dahil kakaunti lamang ang kinakailangang mga Amerikano para sa matataas na posisyon (ginaya ang sistemang kolonyal ng Britanya sa Silangang Indies na ayon sa Komisyon ay maaaring gawing modelo), muling idiniin ng Komisyon na mahalagang maging mataas ang sweldo ng mga opisyal na Amerikano. Kaya naman sinabi pa nila na :

> *The conclusion is irresistible that only a small number of Americans are needed as the organizing and directing brain of the civil administration of the Philippines; but, these*

*should be men of the very highest qualifications, and to secure them and at the same time good government, it is indispensible that they shall be offered high compensation and appointments during good behavior and efficiency. On them and practically on them alone, will devolve the fulfillment of our high obligations in the Philippines.*[44]

## BASE MILITAR NA PANGKARAGATAN

Sa kanilang ulat sa Presidente noong 1900, idiniin ng Komisyon ang kahalagahan ng pagpapanatili ng baseng nabal sa Pilipinas. Ayon sa ulat : *"As our interests in the East in questions affecting it have increased greatly since our possesion of the Philippines, we should maintain a permanent fighting force of ships on the Asiatic station, including ships and armored cruisers.* Ayon pa sa Komisyon, *"It is of prime importance to have a naval station of the first class in or near Manila Bay, which is the natural headquarters of our fleet in Philippine waters."* Sa gantong kalagayan, ipinayo ng Komisyon na panatilihin ang base nabal ng Espanya sa Subic (na sa kalauran ay naging pangunahing base militar). Ayon sa Komisyon:

*The selection by the Spaniards of Subic Bay as the place for their principal naval station seems a wise one. It is perhaps the best harbor in the Philippines, is only 60 miles from Manila, is admirably situated, capable of easy defense, perfectly landlocked and with ample but not too deep water. The site selected is Olongapo, on a peninsula on the east side of the bay, some distance from the entrance and out of practicable range of ship's guns. The station had been fairly well begun by the Spaniards by the erection of a number of large and substantial buildings, a defensive wall across peninsula, retaining walls across peninsula, retaining walls, etc.*[45]

## EDUKASYON

Binigyang pansin din ng Komisyon ang usapin ng edukasyon ng mga katutubo. Sa paksang ito ay inirekomenda ng Komisyon na magkaroon ng *"adequate system of secularized and free public school"*.[46] Bago pa ito, sa panunungkulan ni Gobernador Arthur MacArthur bilang Gobernador Militar ng Pilipinas, tinanong na ng Komisyon ang heneral kung ano ang opinyon nito sa pagtatatag ng isang sistema ng edukasyong pampubliko sa kapuluan. Binigyang halaga ng Gobernador ang nasabing usapin bilang bahagi ng pasipikasyon. Ayon sa kanya:

> *...I know of nothing in the department of administration that can contribute more in behalf of pacification than the immediate institution of comprehensive system of education, such as recommended by the general superintendent.*
>
> *The matter is so closely allied to the exercise of military force in this islands that in my annual report I treated the matter as a military subject and suggested a rapid extension of educationl facilities as an exclusively military measure...*[47]

Narito ang ilang mahahalagang punong may kinalaman sa Edukasyon sa ulat ng Unang Komisyon sa Presidente:

> *Instruction in the English language should be introduced as speedily as practicable into the primary schools.*
>
> *The establishment of good agricultural and manual training schools is especially recommended, as it is believed that such institutions are peculiarly suited to the present needs of the people.*
>
> *Thorough supervision of the schools of the archipelago should be provided under a secretary or commissioner of education.*[48]

Malinaw mula sa parehong pananaw ng wika at kurikulum na ang tunguhin ng Edukasyong naitatag sa Pilipinas ay instrumento sa Amerikanisasyon. Kaya ito ay isang hakbang na hindi ayon sa KALAYAAN.[49] Ang mga anti-Amerikanong mga Pilipino na naging mahusay sa pagsasalita ng wikang Ingles ay nanatiling makabayan, hindi dahil sa, kundi sa kabila ng pagiging matatas sa wikang Ingles.

Sa mga sumunod na pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas, makikita ang Amerikanisasyon ng Edukasyon at ang pagkatuto sa wikang Ingles bilang wika ng talastasan ay hindi naman tuwirang nagreresulta sa kaunlarang pambansa. Sa kabuuan, ang mga Pilipino na naging mahusay sa Ingles ay pinili na magtrabaho sa mga tanggapang Amerikano kung saan mayroong mas mataas na sweldo at magagamit ang kanilang napag-aralan wika at kaalaman.

### *Pag-unlad Agrikultural*

Inirekomenda ng Unang Komisyon na ang patakarang panlupa ng Espanya ay palitan ng patakarang pang EU. Ang tunguhin

ng patakarang ito ay ang hikayatin ang produksyong agraryo sa pamamagitan ng pagbibigay ng *torrens title* at ang pagpapautang sa mga korporasyong magpapaunlad ng agrikultural na produksyon sa bansa. Ang pagbibigay ng titulo ay nakaugnay sa pang-agraryong produksyon sapagkat ang mga mabibigyan ng titulo ay maaaring umutang ng kanilang kapital mula sa mga bangko sa pamamagitan ng pagpreprenda ng kanilang mga ari-arian at pagdedeposito ng kanilang titulo sa mga nagpapa-utang.

Ang panukala ng Unang Komisyon tungkol sa usaping pang-agraryo ay nagpanatili ng relasyong panginoong maylupa - kasama ang pagdami ng mga nagmamay-ari ng malalaking lupa na noong lumaon ay nagkaroon ng mahalagang papel sa "malayang-kalakalan" (*free-trade*) sa pagitan ng Pilipinas at EU.

### *Iba Pang Usapin*

Inirekomenda rin ng Unang Komisyon ang pagbabago ng sistemang pananalapi. Nang dumating ang mga Amerikano sa Pilipinas noong 1900's, kapuna-puna ang iba't ibang mga klase ng salapi na ginagamit sa Pilipinas. Halimbawa ng mga ito ay ang *Mexican silver pesos, Spanish-Philippine pesos, silver subsidiary and minor copper coins*, mga papel na salapi mula sa Banco Espanol-Filipino at iba pang mula sa mga bangkong Britanya na may sangay sa Maynila—ang *Hongkong-Shanghai Banking Corporation* at ang *Chartered Bank of India*, ang mga banko mula sa Australia at Tsina at iba pang silver-copper coins mula sa Straits Settlements, Hongkong, China at Pamahalaang Espanyol. Mayroon din mga ginagamit na salaping ginto at pilak mula sa Amerika at sa ilang pagkakataon ay ginagamit din ang ilang pananalaping papel at ilang barya.[51]

Ang rekomendasyon ng Komisyon kaugnay ng pagkakaroon ng pamantayang pananalapi ay may kaugnayan sa komersyal na interes ng EU. Napakahalaga ng istandardisasyon na ito upang mapadali ang mga kalakalan ng EU at iba pang usaping pinansyal sa kapuluan.

Sa usapin ng mga Intsik, sinabi ng Unang Komisyon na kailangang magkaroon ng regulasyon at limitasyon ang mga kalakalang pinalalakad ng mg Tsino sa Pilipinas. Gayunpaman,

hindi nagkaroon ng mga partikular na panukala kaugnay nito. Tanging ang mga tanong hinggil sa kung paano, saan at para sa anong sadya mapapahintulutang pumasok ang mga Tsino, ang pinaubaya sa Pangulo ng E.U. na tugunan. [51]

Ang Ulat ng Unang Komisyon ay ipinadala sa Presidente ng Amerika noong Nobyembre 1899 at ito ay inilathala noong sumunod na taon. Ang mga rekomendasyon ng Komisyon ay ginamit ng pamahalaang Amerika (lalo na ng Ikalawang Komisyon) sa pagbubuo ng mga partikular na patakaran para sa pagtatag ng pamahalaang insular. Bahagi nito ang pagbubuo ng isang pamahalaang sibil sa lokal na antas na binubuo ng mga Pilipino, ang pagtuturo ng Ingles sa mga paaralan at ang pag-aayos ng isang istandard na sistema ng pananalapi.

Sa katunayan, matapos ang imbentaryo ng Unang Komisyon tungkol sa kaganapan sa Pilipinas, binuo na ni Pangulong McKinley ang Ikalawang Komisyon upang ipagpatuloy ang gawaing pagbabantay ng Unang Komisyon at upang siguraduhin ang pagpapatuloy ng kolonyal na operasyon sa Pilipinas.

## MGA TALA

[1] William Pomeroy, *American Neocolonianism: Its Emergence in the Philippines and Asia* (New York : International Publishers, 1970), p.14.

[2] *Senate Document No. 146*, 56[th] Congress, Second Session, p. 7.

[3] James H. Blount , *American Occupation of the Philippines, 1898-1912* (New York: Knickerbocker Press, 1913), p. 47.

[4] *Treaty of Peace Between the United States and Spain on December 10, 1898*. In: Maximo M. Kalaw, *The Development of Philippines Politics* (Manila: Oriental-Commercial Co. Inc., 1926), Vol. I, Appendix E.

[5] President William McKinley, *The Benevolent Assimilation Proclamation of December 21, 1898*. In: Pedro Baldoria (ed) *Readings, Documents and Literature on Philippine Government and Foreign Relations* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1954), p.138.

[6] Cf. Maria Lanzar Carpio, *The Anti-Imperialist League* (Published doctoral dissertation, University of Michigan, 1928) , p. 138.

[7] For an account of the rise and decline of the anti-imperialist movement in the United Sates cf. Edelwina C. Legaspi, *The Anti-Imperialist Movement in the Unied States, 1898-1900.*

In: *Philippine Social Sciences and Humanities Review*, Vol. XXXIII, Nos. 3-4, September-December 1968. Also cf. Lanzar-Carpio, *op.cit.*

[8] George Dewey, *Autobiography* (New York: Charles Scribner Sons, 1918) , p. 284.

[9] Jacob Gould Schurman , *Philippine Affairs: A Retrospect and Outlook* (New York: Charles Scribners Sons, 1902) , p. 2.

[10] Jacob Gould Schurman, Interview with the Utica Press, New York, January 13, 1899. In: *The Schurman Papers*. Quoted by Pomeroy, *op. cit.*, p. 71.

[11]Dean C. Worcester, *The Philippines, Past and Present* (New York: Macmillan Co., 1930), pp. 263-265.

[12]*Hearings Before the Committee on the Philippines of the US Senate* (Washington: Government Printing Office, 1902), Part II, p. 1898.

[13]Pomeroy, *op. cit.*, p.72.

[14]The Instructions of McKinley can be found in *The Report of the Philippine Commission to the President* (Washington: Government Printing Office, 1901), pp. 185-186.

[15]*Ibid.*, underscoring by this writer.

[16]*Ibid.*, Vol. II, p.v.

[17]*Ibid.*, Vol. I, pp. 3-6.

[18]Vivencio R. Jose, *The Rise and Fall of Antonio Luna* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1972), p.253.

[19]For an account of U.S. army atrocities during the Philippine-American War cf./*Little_Brown Brother* (New York: Doubleday Co., 1961).

[20]John R.M. Taylor, *The Philippine Insurrection Against the United States*, 5 v. (Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 1971) Vol. II, p. 209.

[21]*Philippine Insurgent Records*. University of the Philippines, Microfilm No. 4740, Document No. 62.5.

[22] Felipe Buencamino, *The Federal Party of the Philippines. In: Annual Report of the Major General Arthur MacArthur US Army Commanding Division of the Philippines and Military Governor of the Philippine Islands* (Manila: Bureau of Printing, 1901) Vol. I, p.57.

[23] For a good biography of Mabini and his role in the Revolution cf. Cesar A. Majul, *Mabini and the Philippine Revolution* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1960).

[24]Antonio Luna's role in the Revolution is best described by Vivencio Jose, *op.cit.*.

[25] Taylor, *op.cit.*, Vol. I, pp. 280-281

[26] Mabini's account of his conflict with the ilustrados of the Malolos Congress is found in his book, *La Revolucion Filipina* (Manila: El Debate, 1930).

[27] Taylor, *op.cit.*, Vol. II, p.138.

[28] *Report of the Philippine Commission, 1990*, Vol. II, p.69.

[29] *Ibid.*, p.70.

[29.1] Teodoro Agoncillo, *Malolos, The Crisis of the Republic* (Quezon City: Universiy of the Philippines, 1960) p.657-658.

[30] Charles Burke Elliott, *The Philippines to the End of the Military Regime* (Indianapolis: The Bobbs-Merrill Co., 1917), p.474.

[31] *Report of the Philippine Commission, 1990*, Vol. I, p. 9.

[32] *Annual Report of the War Department, 1900* (Washington: Government Printing Office, 1901). Vol. I, Part V, p.60.

[33] *Report of he Philippine Commission, 1900*, Vol. I, pp. 82-83.

[34] *Ibid.*

[35] Cf. Jose P. Santos, *Ang Tatlong Napabantog na Tulisan sa Pilipinas* (Tarlak: Jose P. Santos Publisher, 1936).

[36] Cf. Reynaldo C. Ileto, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979), Vide Chapter VI inclusive.

[37] Jaime B. Veneracion, *The Philippine-American War: Visayan Phase, 1899-1902* (Masteral thesis, University of the Philippines, 1970).

[38] According to Ileto, the people looked at KALAYAAN with different shades. To some, it meant freedom from external or foreign control. To others, it meant self-rule or autonomy with the native elite sharing political powers with the Americans. Cf. Ileto, *op.cit.*, Vide Chapter V inclusive.

[39] *Report of the Philippine Commission, 1900*, Vol. I, p.121.

[40] *Ibid.*, pp. 97-98. For an account of the Moslem armed struggle cf. Samuel K. Tan, *The Filipino Muslim Armed Struggle* (Manila: Filipinas Foundation, Inc., 1977.

[41] *Report of the Philippine Commission, 1904*, Part I, p. 13.

[42] *Ibid.*, p. 113.

[43] *Ibid.*, p. 114.

[44] *Ibid.*, p.116.

[45] *Report of the Philippine Commission, 1900*, Vol. I, p.128.

[46] *Ibid.*, p. 41.

[47] *Annual Report of the Major General Arthur MacArthur US Army Commanding Division of the Philippines and Military Governor of the Philippine Islands, op.cit.*, Vol. II, p. 34; pp. 69-70.

[48] *Report of the Philippine Commission, 1900*, Vol. I, p.41.
[49] Ileto, *op.cit.*
[50] *Report of the Philippine Commission, 1900*, Vol. I, p. 142.
[51] *Ibid.*, p. 159.